Katipunan

Volume 6
Issue 1 *Kritikal na Patolohiya*

Article 7

12-1-2020

Ang Dalumat ng Lugar sa Panahon ng Pandemya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Imahen ng Lungsod at ng Probinsiya sa Konteksto ng mga Panitikang Ilokano at Cebuano

Scrutinizing Space in the Midst of Pandemic: A Critical Study on the Image of the City and the Province Through the Context of Ilocano and Cebuano Literature

Elizabeth S. Alindogan
Ateneo de Manila Junior High School, ealindogan@ateneo.edu

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Alindogan, Elizabeth S. (2020) "Ang Dalumat ng Lugar sa Panahon ng Pandemya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Imahen ng Lungsod at ng Probinsiya sa Konteksto ng mga Panitikang Ilokano at Cebuano," *Katipunan*: Vol. 6: Iss. 1, Article 7.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol6/iss1/7

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

Ang Dalumat ng Lugar sa Panahon ng Pandemya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Imahen ng Lungsod at ng Probinsiya sa Konteksto ng mga Panitikang Ilokano at Cebuano

Scrutinizing Space in the Midst of Pandemic: A Critical Study on the Image of the City and the Province Through the Context of Ilocano and Cebuano Literature

Elizabeth S. Alindogan
Ateneo de Manila Junior High School
ealindogan@ateneo.edu

Abstrak

Noon, ang galaw o migrasyon ng mga tao ay papunta sa siyudad sapagkat may dati nang paniniwala o nosyon ang mga Pilipino na higit na makatatagpo ng mas magandang buhay ang pagluwas dito kaya't pinipiling lisanin ang pinagmulang probinsiya. Tinalakay ni Lilian Tragger sa kaniyang pag-aaral ang ganitong migrasyon ng mga tao at matatagpuan naman sa pagsusuri ni Gerard Delanty sa normatibo at kritikal na kosmopolitanismo ang ganitong pananaw sa mga lungsod. May umiiral nang pagtingin sa siyudad bilang lugar ng kaunlaran at kalakasan samantalang lugar ng kahinaan at kahirapan ang sa probinsiya. Ngunit sa kasalukuyan, dahil sa mga pangyayaring bitbit ng COVID-19, may nagaganap na komprehensibong pagbabaliktad ng ganitong imahen o relasyon ng siyudad at probinsiya, o ng rural at urban. Kung kaya, nilalayon ng papel na ito na suriin at siyasatin ang ganoong mga pagbabaliktad ng imahen ng siyudad at probinsiya sa konteksto ng mga panitikang Ilokano at Cebuano. Sa ganoong pagsusuri, matutunghayan dito kung paanong dahil sa pandemyang dumating sa bansa ay nagiging lundayan ng kaligtasan ang mga probinsiya na dating tinitingnan bilang atrasado, at nagiging lugar ng kapahamakan ang mga lungsod, na dating tinitingnan bilang nakauungos. Babalikan dito ang napakalalim na kasaysayan ng pagbuo ng gayong imahen ng lugar na nalikha na sa panitikang Ilokano noon pa lamang na nagpasimula ang paglilimbag ng kanilang mga kauna-unahang tula. Ngunit kasabay ng ganoong pagtingin, makikita rin kung paanong nagkakaroon ng lamat sa kamalayan ng mga umuuwi sa probinsiya mula sa lungsod sapagkat sa halip na kapanatagan ay nakararanas sila ng diskriminasyon. Sa pagsasakonteksto sa panitikang Cebuano, higit na masisiyasat kung paanong nagtatamo ng mga ganoong hindi inaasahang pagbabaliktad ang mga umuuwi sa kanilang lugar at kung paanong nagbabago ang gayong mga imahen ng probinsiya at lungsod sa ating pagmamalay sa panahon ng pandemya.

In the past, the movement or migration of peoples is towards the city because many Filipinos already had a belief or notion that a better life can be found in cities, so they chose to leave their home or province. In her study, Lilian Tragger discussed this issue on the migration of people and on the other hand, Gerard Delanty's analysis supports this perspective of cities in his discussion of normative and

© Ateneo de Manila University

critical cosmopolitanism. There is already an existing view of the city as a place of development and strength while the area of weakness and poverty is in the province. However, in the present, due to the events caused by COVID-19, there is a comprehensive and radical reversal of this image or relationship between the city and the province, or the rural and urban. Therefore, this paper aims to examine and investigate such reversals of the image of the city and the province in the context of Ilocano and Cebuano literature. In such, it can be seen in this study that due to the pandemic we are currently facing, provinces that were once viewed as backward are becoming havens of safety; and cities, which were once viewed as ahead and more progressive, are becoming spaces of danger. It all boils down to the very deep history of the formation of such an image of the place or space that was created in Ilocano literature long ago when the printing of their first poems began. But at the same time, we can also analyze how there is a rift in the consciousness of those who return to the province from the city because, instead of comfort and peace, they experience discrimination. In the context of Cebuano literature, it will be further investigated how those who return to their homeland experience such unexpected reversals and how such images of the province and city interchange in our consciousness during this pandemic.

Mga Susing-salita

lungsod, probinsiya, rural-urban, sugilanong Sugboanon, panitikang Ilokano, pandemya, COVID-19, pagbabaliktad, migrasyon

city, province, rural-urban, Cebuano short stories, Ilocano literature, pandemic, COVID-19, reversal, migration.

Tungkol sa May-akda

Si Elizabeth S. Alindogan ay anim na taon nang guro sa Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa Ateneo de Manila Junior High School. Nagtapos sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela bilang Cum Laude noong taong 2014 sa kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino at ginawaran din bilang Consistent Dean's Lister mula 2010 hanggang 2014. Taong 2015 nang tumanggap siya ng parangal na Teacher of the Year sa dating paaralang pinagturuan bago pumasok sa Ateneo nang taong 2016. Bukod sa pagiging guro ay nag-aaral din siya ng MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila. Kadalasang pinapaksa ng kaniyang mga pag-aaral ang kulturang popular at mga usaping pangkababaihan at pangkapangyarihan sa mga patimpalak pagandahan o mga beauty pageant sa Pilipinas. Kasalukuyan siyang katuwang na tagapayo ng Likha, isang organisayong pang-mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa Ateneo Junior High School.

© Ateneo de Manila University

Mahigit walong buwan na ang lumipas mula nang magdeklara ng lockdown sa Metro Manila at kalaunan, pati sa iba pang rehiyon sa bansa, bunsod ng kinahaharap nating pandemya. Hindi rin lingid sa ating kaalaman ang samot-saring laman ng balita kaugnay ng pangyayaring ito. Sa katunayan, makikitang marami sa ating mga kababayan ang ninais na makalabas ng Metro Manila bago pa tuluyang maipatupad ang Enhanced Community Quarantine na nagsimula noong ika-16 ng Marso 2020 at "makulong" sila rito nang matagal na panahon.

Hindi biro ang naging karanasan ng maraming Pilipino para lang makauwi sa kani-kanilang tahanan. Dalawa hanggang isang araw bago ipatupad ang lockdown, ibinalita ang naging siksikang senaryo sa Araneta Bus Terminal na kahit hatinggabi na ay napakarami pa ring taong nag-aabang ng masasakyang bus. May ilang pauwi ng Sorsogon kasama ang mga kaanak, may ilang pinauuwi ng Bicol dahil pinipilit ng magulang na manatili doon kaysa maipit ng lockdown sa NCR ("Maraming pasahero..."). Mayroon ding mga nakipagsapalaran pang kumuha ng mga travel document makauwi lang sa Samar at Albay ("Travel Authority documents..."). Nariyan din ang mga manggagawang tatlong araw na nanatili sa labas ng NAIA, natulog sa ilalim ng Skyway, walang maayos na inumi't makakakain, habang naghihintay na pahintulutang makasakay ng eroplano at makauwi sa Davao at Cotabato ("Mga OFW na hindi makauwi..."). Tila hindi pa rin nauubos ang mga balakid upang makauwi sa kanilang kaanak ang iba pa nating kababayan. Naging kani-kaniya ang diskarte ng ilan upang makabiyahe pauwi ng probinsiya; tiniis ang kalbaryo pauwi ng Norte at Cebu, naghintay ng bus ngunit walang dumating, maging ang ilang buntis na nagnanais ding umuwi sa kanilang rehiyon ay hindi nakatakas sa ganitong sitwasyon ("Ilang OFW..."). May naglakad mula Lipa hanggang Batangas port makauwi lang sa Mindoro, ngunit pagdating doon ay pinababalik naman at hindi pinahintulutang makatawid dahil kulang umano ang dalang requirements ("Ilang taga-Mindoro..."). May mga nagnanais umuwi ng Ilocos kahit na matindi na ang trapiko, siksikan sa mga terminal ng bus, at halos walang masakyan ngunit umasa pa ring makararating sa kanilang destinasyon ("Mga pasahero..."). Sa kabilang banda, bagamat nakaranas ng hirap ay nakauwi pa rin ang ilan nating kababayan sa Narvacan at Candon City sa Ilocos (Balbin). Kalaunan, mayroon din namang pinalad makaranas ng "Hatid Tulong Program," ang programa ng gobyerno na layong tulungan na makauwi sa kanilang probinsiya ang mga indibidwal na naipit sa Maynila, kung kaya nakauwi rin sila sa rehiyon ng Ilocos (Bravo).

Sa mga salaysay ng mga indibidwal na nakaranas ng hirap makauwi lamang sa kani-kanilang probinsiya, kapuna-puna ang halos magkakatulad nilang dahilan. Kung lalagumin ang mga iyon, lumilitaw na una, mas nanaisin pa nilang iwanan ang trabaho sa Maynila at umuwi na lamang sa probinsiya kasama ang kanilang sariling pamilya. Sa halip na makipagsapalaran, maghanap ng ibang pagkakakitaan, at manatili sa NCR na siyang naging pugad ng COVID-19 (tingnan sa "NCR still COVID-19 epicenter..."), mas pipiliin nilang iwanan, pansamantala man o pangmatagalan, ang kanilang mga trabaho sa lugar na iyon. Malaking salik na nakaiimpluwensiya sa ganoong pagmamalay ang aspektong pangkalusugan. Ayon sa tala ng Department of Health, mula sa 24 na nagpositibo noong Marso ay umakyat na ito sa 192,585 nitong Nobyembre 15, at saklaw lamang nito ang NCR (tingnan sa "Updates on Novel Coronavirus Disease (COVID-19)"). Napakalaking bilang nito kung ihahambing sa mga kaso sa iba pang rehiyon sa bansa. Kaya nga ba, walang pag-aatubiling nagsiuwian pa rin ang maraming Pilipino sa kani-kanilang probinsiya. Anila, kahit paano ay may munti pa silang pag-asa na makatatagpo pa ng ibang oportunidad o trabaho sa kanilang mga uuwian. Mahirap man, at tila babalik ulit sa simula, o magsisimula ulit sa wala, ay mas pipiliin na nila ang ganoon kaysa manatili sa

 © Ateneo de Manila University

Metro Manila. Mapatutunayan nga ito ng samot-saring laman ng balitang nagpapakita ng salaysay ng mga tao at ng pagdagsa nila sa mga terminal ng bus at sa iba't ibang paliparan isa hanggang dalawang araw bago ipatupad ang lockdown. Naging masalimuot ang mga gayong pagdanas sapagkat hindi lang pagod ng katawan ang hinarap sa paghihintay ng masasakyan, kundi maging ng pagod ng isip sa mga alalahanin at pangamba sakaling hindi makauwi sa kani-kanilang probinsiya.

At pangalawa, mas nakadarama sila ng kaligtasan kung naroon sila sa sarili nilang lalawigan o tahanan. Tila naging paraan na ng pag-iisip ng mga Pilipino ang pag-uwi palagi sa sariling bayan o tahanan, lalo na sa ganitong mga panahon at sitwasyon na may pagbabadya ng kawalang kaligtasan sa kasalukuyan nilang kinalalagian, na sa pagkakataong iyon, ay ang Metro Manila. Lumilitaw dito ang pananaw o pagtingin ng maraming Pilipino sa 'kaligtasan' na nakaangkla sa konsepto nila ng pag-uwi sa sarili nilang lugar. Kung gayon, naroon at umiiral na sa kamalayan ng mga Pilipino ang imahen at pagpapakahulugan nila sa lungsod at probinsiya.

Isang patunay nga sa ganitong pagbubuo ng imahen sa kamalayan ng mga Pilipino ang pag-aaral ni Ronald Dolan sa mga padrong panlipunan ng rural at urban na pook sa Pilipinas. Tinalakay niya kung paanong naging sentro ng pagiging siyudad ang Metro Manila dahil taglay nito ang pagiging dominante sa iba't ibang aspekto – edukasyonal, kultural, ekonomiko o politikal man. Naging lundayan ito ng mga modernong impraestruktura, telekomunikasyon, at transportasyon. Maging ang nakamihasnang anyo ng pamumuhay ng mga tagarito ay inilarawan ni Dolan bilang higit na mataas kaysa sa uri ng pamumuhay sa mga pook-rural. Samakatuwid, binigyang-diin niyang higit na naghahain ng halina ang lungsod sapagkat inihaharap nito ang progresibong mukha ng kaunlaran. Malaki rin kasi ang naging impluwensiya ng gobyerno at pamahalaaang Marcos sa ganitong pagbibihis sa Metro Manila bilang sentro ng kaunlaran (tingnan kay Campos).

Sa kabilang banda, tinalunton din ni Dolan ang mahabang kasaysayan ng naging anyo ng pamumuhay sa mga pook-rural kung saan, agrikultural ang pangunahing hanapbuhay ng marami, at kaya nga ba naging matibay din ang pagkapit nila sa patron-client o landlord-tenant relationship o ugnayang panginoong-maylupa at magsasaka na nagpapatuloy at nagiging kultura na sa maraming barangay o sitio roon. Usapin ng lupain–bilang doon nakasalalay ang kanilang pamumuhay—ang higit na pinahahalagahan dito. Ngunit, ayon pa rin kay Dolan, may paglisan na nagaganap sa mga pook-rural sapagkat ang mga dating panginoong-maylupa o nakaririwasa ay lumilipat sa mga lungsod at doon nagtatatag ng mga panibagong negosyo na sumasabay at umaangkla sa umiiral nang kultura sa loob ng mga nagbabagong-mukhang lungsod. Ang resulta, nawawalan ng hanapbuhay ang mga dating naglilingkod sa kanila, o kung makahanap man ng panibagong paglilingkuran ay isang mahaba at matagal na prosesong walang katiyakan. Kung ganoon, tumataas din ang populasyon ng mahihirap dito. Kaya ayon muli kay Dolan, sa mga probinsiya o sa mga tinatawag na pook-rural ay higit na mabagal ang pag-unlad at takbo ng pamumuhay, at sa aspekto man ng edukasyon, ekonomiko, o panlipunan ay higit itong atrasado kung ihahambing sa mga pook-urban.

Kung susuriin, kasabay ng lalong pamumulaklak ng kabihasnan sa mga lungsod ang siya ring pagtindi ng kaibahan nito sa mga probinsiya, kaya hindi nagiging kataka-taka na sa pagdaan ng panahon ay mas lumalaki ang paggalaw ng mga tao mula rural patungong urban o mula probinsiya papuntang lungsod. Nagiging pangunahing salik ng ganitong paggalaw ang paghahanap ng pagkakakitaan o anumang hanapbuhay upang matugunan ang mga pangangailangan ng sari-sariling pamilya. Ayon sa pag-aaral ni Lillian Tragger

© Ateneo de Manila University

tungkol sa migrasyon sa Pilipinas mula pook-rural patungong pook-urban, hindi na sumasapat ang dating nakagawiang kultura ng paghahanapbuhay, tulad ng pagsasaka at iba pang may kaugnayan sa agrikultural na aspekto, upang punan ang mga kakulangan sa pamumuhay ng isang pamilyang Pilipino. Tinatawag niyang "estratehiya ng pamilya" o household strategy ang migrasyon sa ganoong ekonomikong sitwasyon. Aniya, may paggalaw ang tao mula sa probinsiya patungo sa lungsod o mula rural patungong urban sapagkat isinasaalang-alang ng pamilya ang mga pangangailangan nito na hindi na nila nakukuha sa dating kinalalagian. Tinalakay niya kung paanong marami sa mga paggalaw o migrasyong ito ay patungo sa Metro Manila, sapagkat naghahain ito ng kaisipan at halina na mas makahahanap ng magandang buhay ang sinumang tatawid doon, dahil na rin sa noo'y litaw na papaunlad at modernong mukha nito (Trager).

Kung bakit din may ganitong pananaw ang mga tao ay dahil sa pag-iral ng normatibong kosmopolitanismo. Sapagkat dito'y nagiging pamantayan ng pagiging siyudad o padron ng kaunlaran ang isang mas nakauungos o mas malakas na bansa o lugar. Tuloy, maging ang paglikha natin sa ating mga siyudad, halimbawa ang Metro Manila, ay ipinapadron sa mauunlad na siyudad na Kanluranin, bilang ito ang naging pamantayan natin noon pa man ng anumang maganda at mataas, na impluwensiya na rin ng mahabang panahong tayo ay naging kolonya. Halimbawa, ang Manila ay ipinadron sa New York, London, Madrid, at Mexico (tingnan kay Trager). Ang Quezon City ay ipinadron sa iba pang mauunlad na siyudad sa España at Estados Unidos. At ang Baguio, na naimpluwensiyahan nang malaki noong panahon ng mga Americano, ay ipinadron ang pagkalungsod sa mauunlad na siyudad sa America (tingnan kay Cody). Ang mga lungsod natin ay umaangkla rin sa progresibong pagtanaw sa makabago at moderno, tulad ng ginagamit nitong pamantayan. Kaya nga ba mayroong nosyon ang maraming Pilipino na matatagpuan ang kaunlaran kapag lumuwas ng Maynila ang isang nanggaling sa probinsiya, sapagkat ipinapaloob na nga rito ng normatibong kosmopolitanismo ang gayong pananaw.

Ngunit hindi na ganito ang nagiging kalakaran sa panahon ngayon ng pandemya, nawawasak na ang normatibong kosmopolitanismo ng mga Katagalugan sapagkat sa pagtanaw ni Gerard Delanty sa tinatawag niyang kritikal na kosmopolitanismo, iginigiit niyang ang indibidwal, batay sa kaniyang mga pangangailangan, ay may kakayahang tumaliwas sa mga itinatakdang hangganan ng lipunan. At aniya, ang pangunahing tuon nito ay ang ugnayan, at ang mga ugnayang ito ay posibleng binubuo ng iba't ibang mga uri. Tinalakay niya ang apat na uri ng kosmopolitanong ugnaya't relasyon at isa na rito ang tinutukoy niyang pag-uugnay ng isang pagkakakilanlan sa iba pa. Aniya, nagkakaroon muli ng bagong interpretasyon o pagtanaw sa isang kultura dahil sa engkuwentro nito sa iba pang kultura (Delanty 42). Sa gayong pagmamalay, mahalagang isaalang-alang dito ang mga kultural na interes at pagbabanggaan ng mga ito sa loob ng isang lugar, sapagkat sa isang banda, nagagawa nang wasakin ng gayong mga interes ang teritoryal na hangganan na itinatakda ng politikal at pang-ekonomikong interes. Ganito ang nangyayari sa panahon ng lockdown sa Metro Manila. Dahil nga sa tumitinding badya ng kawalang kaligtasan at sa patuloy pang pagdami ng kaso sa Metro Manila mula noong Marso, lumakas din ang puwersa ng indibidwal na kumawala sa itinakdang hangganan ng teritoryong kaniyang kinalalagian. Kung babalikan nga ang mga salaysayin ng mga indibdiwal na noo'y nasa Metro Manila, pangunahing interes nila ang 'kaligtasan' – ng sarili at ng pamilya, at ang paglisan sa Metro Manila at pag-uwi sa kani-kanilang probinsiya ang makapagtitiyak ng gayong mga interes ng kaligtasan. Ang pagtatakda ng gobyerno ng lockdown ang siya ring nagtulak sa maraming mamamayan na tumawid at gumawa ng sariling paraan upang makalabas sa lugar na pugad ng sakit – mayroong naglakad pauwi, may natulog sa ilalim

© Ateneo de Manila University

ng Skyway at sa labas ng palipaparan, may mga nag-aamok sa kalsada habang naghihintay ng bus na masasakyan, at marami pang iba, samantalang humihigpit ang pagbabantay habang papalapit ang pagpapatupad ng kautusang iyon. Dito nga makikita, sa ganang akin, ang sinasabi ni Delanty na nagkakaroon ng bago o ibang interpretasyon ang kultura dahil sa engkuwentro nito sa iba pang kultura. Sa madaling sabi, nag-iiba ang pagtingin sa kultural na imahen ng Metro Manila bilang lungsod at sa halip, nagiging imahen ito ang 'kapahamakan' dahil sa pandemya. Dito ay masisilip ang pagbuwag sa normatibong kosmopolitanong pananaw ng Katagalugan, nabubuwag ang pagtingin sa Metro Manila bilang pamantayan ng kaunlaran at pag-unlad, bilang pamantayan ng maganda at kahanga-hanga, at ang pagtataas dito bilang paraiso ay binabasag na ng isang pandemyang dumating sa bansa, ang pagkalat ng nakamamatay na COVID-19.

Dahil sa ganitong pagkabuwag sa imahen ng Metro Manila, may pagbabago na rin sa paggalaw ng mga tao o migrasyon mula probinsiya patungong lungsod o iyong tinatawag ni Trager sa kaniyang artikulo na inward mobility, sapagkat sa puntong ito, dahil sa banta ng COVID-19, may pagbabaliktad na ng paggalaw na dati'y mula rural patungong urban, ngunit ngayo'y nagiging urban patungong rural, o mula sa lungsod pauwi ng probinsiya. Nawawasak na ang dating pananaw at nagkakaroon na ng bagong padron ng pagkilos ang mga tao. Malaking salik na nakaapekto sa ganitong pabaliktad na paggalaw ng mga tao o backwardness-progress ay dahil sa banta ng 'kapahamakan.' Ipinakita nga sa mga nabanggit na samot-saring balita at salaysayin ang maraming taong gustong makauwi sa probinsiya sapagkat may banta nga ng kawalang-kaligtasan sa Metro Manila dulot ng COVID-19 noong mga unang buwan pa lang ng pagputok nito sa lungsod. Sa gayon, higit na namumutawi ang kanilang pagtingin sa kani-kanilang lugar o probinsiya bilang paraiso (idyll) o tahanan, bilang lugar ng kaligtasan at kapanatagan, na sa panahong iyon (Marso 2020) ay wala pang kaso ng COVID-19, samantalang taliwas dito ang nagiging pagtingin nila sa Metro Manila.

Ang Migrasyon Sa Panitikan

Kung gayon, makikita nga rito na buhay sa kamalayan ng maraming Pilipino ang imahen at pagpapakahulugan nila sa lungsod at probinsiya. At kung paanong nabuo at nagkaroon ng ganoong pagmamalay ang mga Pilipino sa imahen ng Metro Manila bilang lungsod at lugar ng kaunlaran at ng probinsiya bilang lugar ng kapanatagan at kaligtasan ay mababakas sa ating mahabang kasaysayang pangkultura, higit lalo sa larang ng panitikan.

Halimbawa, maaaring balikan ang maikling kuwento ni Serafin Guinigundo na "At Patuloy ang mga Anino." Si Guinigundo ay tubong San Miguel, Bulacan kung saan siya nagtapos ng elementarya at segundarya at kalaunan ay lumuwas ng Maynila upang doon ipagpatuloy ang pag-aaral. Sa kaniyang pagluwas ay higit na namulaklak ang kaniyang karera. Nang makatapos ay naging Tagapangulo siya ng iba't ibang samahang pampanitikan. Ngunit, bumalik at naglingkod pa rin siya sa kaniyang pinagmulang lugar, at sa katunayan ay marami ring naging tungkulin sa gobyerno sa bayan ng San Miguel, Bulacan (San Juan 119). Hindi maitatanggi na ang kaniyang mga akda, higit lalo ang "At Patuloy ang mga Anino," ay nagpapakita ng ganitong paglikas at pagbalik sa lugar na pinagmulan. Maoobserbahan nga ang binabanggit na krisis sa nangyayaring pag-uwi ng mga tao mula sa Maynila patungo sa kanilang lalawigan. Sa kuwentong ito, inilarawan ng tagapagsalaysay ang kaniyang mga nasaksihan at naranasan sa kaniyang nakasalamuhang mga tao sa kanilang paglalakbay na dumaraan sa nayon ng Salangan, isang bayan sa San Miguel, Bulacan. Bawat taong kaniyang inilarawan o nakasalamuha ay

 © Ateneo de Manila University

mababanaagan ng mga bakas ng kahirapan, wari'y may hindi magandang pinagdaanan sa Kamaynilaan, sabihin pa'y mga nakaranas ng kahirapan at kagutuman sa lungsod, kaya ngayo'y nagsisiuwian sa kanilang mga lalawigan. Binigyang-pansin ng tagapagsalaysay kung paanong sanay na sanay ang mga galing sa lungsod sa pakikipamalit ng kanilang pag-aari sa kung anong mahalagang pangangailangan nila. Wari ba'y ang iba't ibang tagpo na inilarawan ng tagapagsalaysay ay naging kongkretong pagtingin kung paanong maging sa maikling kuwentong ito ay nasasalamin ang imahen ng lungsod bilang lugar na tinatakasan samantalang ang lalawigan o probinsiya bilang lugar na tanggulan sa panahon ng kahirapan.

May ganitong katangian o padron din na mamamataan sa iba pang panitikan sa Pilipinas. Halimbawa sa kasagsagan ng pandemya, sa mga Ilokano na sinikap makauwi sa kanilang rehiyon sa Ilocos, binabalikan nila ang napakalalim na kasaysayan ng pagbuo ng gayong imahen ng kanilang lugar na nalikha na sa panitikang Ilokano noon pa lamang na nagpasimula ang paglilimbag ng kanilang mga kauna-unahang tula.

Maoobserbahan sa mga unang tulang Ilokano kung paano nila binubuo ang kanilang pagtingin sa lugar—mapapansin ngang may pagpapahalaga sa lugar at sa katutubo ang panitikang Ilokano. Mapatutunayan ang puntong ito sa pagsipat sa mga tulang Ilokano na matatagpuan sa antolohiyang *Kutibeng* (1976). Nakilala ito bilang isa sa mga unang antolohiya ng tulang Ilokano na tinipon, isinaayos, at isinalin sa Ingles ng iskolar at historyador sa panitikang Ilokano na si Marcelino Foronda. Naging mahalaga ang pag-iral nito sa kasaysayan ng panitikan sapagkat itinatanghal ng mga tulang nailimbag dito hindi lang ang kultura sa kamalayan ng mga Ilokano, kundi maging ang malalim nilang pagdalumat sa kanilang lugar.

Isang tula na mainam gamiting lunsaran mula sa kalipunang ito ang tulang relihiyoso na "Pagdaydayaw Ken Apo De La Rosa (Katalek Te Sinait)," o sa Ingles ay "In Honor Of Our Lady Of The Rose (The Patron Saint of Sinait)" ni Pablo Inis:

> Most resplendent start of the skies,
> most precious Empress on high;
> Delarosa, most resplendent light
> unto us your mercy and aid incline.
>
> Sinait is called
> the barrio that is now your home
> which you endowed with your love
> O most precious Mother of God.
>
> For ceaselessly you incline your aid,
> and your embracing mercy,
> to all who love to hide
> in your heart full of compassion.
>
> Ceaseless and without fail,
> are those unfailingly come,
> are those Innumerable ones,
> who humbly ask for your mercy,
> O most precious Virgin
> Our patron, our mediatrix.

© Ateneo de Manila University

And many were those you healed,
diseased in various ways,
the lame, the paralytic, even the blind
and all those who suffered endlessly
and who besought your prowess.

In this wide world,
when faced with hardships,
do we run to you...
do we come to you and pray
and soon we receive
your great compassion.

The grasshoppers and locusts and pest of worms
which came to destroy our crops
all disappear at once
if we lay our hopes in you
if we humbly pray and beseech you
and your deep and loving care. (Foronda 25)

Makikita sa tulang ito ang labis na pagpapahalaga at mataas na pagtingin sa patron ng Sinait at kung gaano ito kadakila sa kaniyang mga nasasakupan. Ang Sinait, na matatagpuan sa Hilagang bahagi ng Ilocos Sur, ay kinikilala hanggang sa kasalukuyan bilang lugar na tahanan o santuwaryo ng mga rebulto ng Birheng Maria at Itim na Nazareno na natagpuan ng mga lokal nito noong taong 1620. Ayon sa mga mamamayan ng Sinait, nagpakita ng maraming himala ang mga rebultong ito at taong 1656 nga ay higit pang nakilala ang ganitong mga paghihimala sa loob at labas ng bayan ng Sinait na nagbunsod sa lalong pagpapahalaga at pagdarakila ng mga tao rito.

Ngunit higit pa rito, mahalagang pansinin din sa akda na binigyang pagpapahalaga ang baryo ng Sinait hindi lang bilang lugar na tahanan ng Pintakasing Delarosa, bagkus ay lundayan din ng kapahingahan at kaligtasan ng mga umuuwi rito. Sinasabi nga sa mga saknong 5 at 6 na marami na itong 'pinagaling'—iyong may mga sakit, nahihirapang lubos, at dumaranas ng matinding pagsubok, na sa pamamagitan ng pag-uwi o pagbalik sa lugar ng Sinait at ang muling paglapit dito nang may pagtitiwala, makaaalis din sa mga ganoong pangamba dahil ang lahat ng iyon ay matutugunan ng malaking pagkaawa. At sa huling saknong, maging ang anumang alalahanin ay maglalaho kung ilalagay lang nila ang kanilang tiwala at pag-asa sa pintakasi at higit mismo sa lugar ng Sinait.

Mahalagang suriin na bagamat ito ay isang tulang relihiyoso, ay hindi ito nagpapataw ng moralistikong mga batayan at pamantayan bilang pagpapalawig sa usapin ng relihiyon o kolonyal na pagmamalay rito, bagkus higit na natutuon ang punto ng tula sa pagbalik ng tao sa kahalagahan ng kanilang lugar at pag-uugat sa pinagmulan nito. Pansinin na ang usapin ng "tiwala" at "pag-asa" ay nakaangkla sa imaheng nabubuo sa kanilang lugar at siyang pinanghahawakan ng mga tao. Dito, may pahiwatig ng muling pagtanggap sa mga umaalis sa lugar. May pagbibigay-diin na rito sa kahalagahan ng pag-ugat sa pinagmulan o sa lokal na espasyo sa kabila ng pagtatangkang lisanin ito.

Ganito rin ang makikita sa tulang "O! Kailukoan" o "Oh, The Ilocos" ni Jose Castro (Foronda 55) kung saan malinaw at tuwirang ipinahahayag ang lupain ng Ilocos bilang lupain ng paraiso. Inilarawan ang karikitan nito bilang isang natatanging katangian ng

lugar. Ipinakikita rin ng tula na lundayan ito ng mga napapagal at ng mga may sawing-kapalaran. Binigyang-paglalarawan ito na isang tanggulan para sa mga nahihirapan. Maoobserbahan na hindi na lamang kabatiran ng kalakasan at kagandahan ang inihahain ng lugar ng Ilocos sapagkat sa pagkakataong ito, may layunin na ring inaako ang lugar para sa sinumang napapagal at may sawing-kapalaran. May hangarin na itong ipakita na ang mismong lugar na ito ay nakahandang aluin ang mga nahihirapan, na ito'y sandigan ng kapanatagan.

Makikita naman sa tulang "Ni Lipat" o "Oblivion" ni Luz Flores Bello (Foronda 120) kung paano binuo ng panitikang Ilokano ang imahen ng probinsiya bilang lugar ng kaligtasan at kapanatagan. Ipinakikita sa tulang ito ang napakataas na kumpiyansa ng persona na kahit iniwan siya ng kaniyang kinakausap sa tula, mamumulaklak pa rin siya at lalago pa rin tulad ng paglalarawan niya sa kaniyang lugar. Magpapatuloy pa rin ang kaniyang pag-usbong at pagsulong. May kabalintunaan nga sa tulang ito sapagkat may kahapisang makikita sa tono ng persona sapagkat hindi na siya binalikan ng kaniyang hinihintay, subalit ang mga ginamit na salita rito ay may pahiwatig din ng pagiging optimistiko, kaunlaran, at karikitan. Sa madaling salita, may pahiwatig sa tula na hindi kawalan ng lugar ang paglisan dito sapagkat patuloy itong yayabong makalimot man ang sinuman na balikan ito. Maoobserbahan naman dito, na kaiba sa sinundang tula, na hindi na lamang nito ipinakikita ang kagandahan at kalakasan ng lugar, at hindi na lamang nito inilalarawan ang lugar bilang tanggulan ng mga nahihirapan at napapagal, bagkus ay sinasadya na rin nitong salingin ang posibilidad ng paggalaw ng mga naninirahan dito. Sa madaling sabi, umaalis din ang mga tao sa kanilang lugar, ngunit kahit na may ganoong pagkilos, may katotohanan ding ipinahihiwatig ang tula na kahit na lisanin ng sinuman ang lugar na iyon, mananatili itong isang lugar ng kaligtasan at kapanatagan, ng karikitan at kaunlaran.

Samakatuwid, sa tinalakay na tatlong tula, napagtitibay ang punto na ang imahen ng probinsiya bilang lugar ng kaligtasan at kapanatagan ay umiiral sa kamalayan ng mga tao at pinatatatag pang lalo ng mahabang kasaysayang pangkultura, partikular sa larang ng panitikan. Sinusuportahan ng ganitong pagmamalay ang mga balita at salaysayin ng mga mamamayan noong panahon ng lockdown na nais umuwi sa rehiyon ng Ilocos, o nais umuwi sa kani-kanilang probinsiya, sapagkat litaw sa mga taong ito na ang kanilang konsepto ng kaligtasan at kapanatagan ay naroon sa kanilang uuwian, kaya mas piniling umuwi sa sariling bayan sa panahon ng pandemya.

Sa gitna ng pandemyang dulot ng COVID-19, mainam na kuwestiyunin kung isa pa rin bang tahanan at paraiso ang rehiyon ng Ilocos o anumang inuwiang probinsiya sa gitna ng mga naranasang hirap sa pag-uwi noong nagpatupad ng lockdown. Sapagkat sa kabila ng ganoong pagbuo sa imahen ng probinsiya bilang lugar ng kaligtasan at kapanatagan, iba ang naranasan ng mga umuwi galing sa Metro Manila dahil sa diskriminasyong kanilang natamasa. Nagkaroon ng malalim na lamat ang sinaunang imahen na binuo ng mahabang kasaysayang pangkultura at pampanitikan sapagkat ang inaasahan sanang "pagkalinga" at "kaligtasan" sa inuwiang probinsiya ay hindi natamo.

Dahil nanggaling sa Metro Manila, nakaranas ng diskriminasyon ang tao sa inuwiang tahanan. May maiikling salaysay sa Twitter hinggil sa gayong karanasan ng diskriminasyon ng mga taga-Ilocos sa kanilang pag-uwi roon—may ilang nakaranas ng diskriminasyon dahil nanggaling sa Metro Manila, samantalang may ilang hindi na talaga nakauwi pa. May isang mahabang thread sa Twitter, halimbawa, na detalyadong nagsasalaysay sa danas ng pag-uwi sa Laoag City, Ilocos Norte mula Maynila, mula sa paghahanap ng masasakyan

© Ateneo de Manila University

hanggang sa mga hakbang na kaniyang isinagawa pag-uwi niya sa kanilang tahanan (@_marizdomingo).

Mapapansin sa mga salaysay na ito na may pag-iiba o *othering* sa isang nanggaling sa lugar na maraming kaso ng COVID-19 sapagkat naroon ang pangamba ng mga mamamayan ng inuwiang lugar na magdala ng sakit at makapanghawa ang isang umuwi roon, lalo pa at naisapubliko na rin ang balita kung paano nangyayari ang hawaan ("Daloy ng hawaan..."). At sa pagdaan ng mga araw ay patuloy pang tumataas ang kaso ng hawaan at mga nagpopositibo sa virus ("PH Health Official"). Sa madaling sabi, buhay pa rin ang kultural na interes, may pagsasaalang-alang pa rin sa usaping pangkalusugan at binabagtas pa rin ng ilan ang daan pauwi sa itinuturing na tahanan ngunit sa kanila ring pag-uwi ay may diskriminasyon na mararanasan. Ang diskriminasyong naranasan ng isang umuwi sa kaniyang tahanan na nanggaling sa Maynila, ay patunay na una, tila tumataliwas ito sa inaasahan sa pag-uwi sa probinsiya, sapagkat sa diskriminasyong natamo, makikita ang pagbalikwas sa imahen ng probinsiya bilang lugar ng kapanatagan; at ikalawa, hindi na nga nagiging pamantayan ng lugar na inaasam ang Metro Manila, sa halip ay iniiwasan at iniiwanan, sapagkat kaakibat nito ang iba't ibang aspektong bitbit ng gayong pagmamalay.

Sa kabuoan, pinupunto sa unang bahagi ng papel na ito na una, ang pag-uugat ng panitikang Ilokano sa dalumat ng lugar ay kaiba sa diskurso ng normatibong kosmopolitanismo na binubuksan ng panitikang Tagalog. Mas lalo pa iyong napatotohanan nang muling balikan at talakayin ang ilang akdang itinatampok sa *Kutibeng* na kalipunan ng mga tulang Iloko. Natunghayan ditong lagi pa ring may mataas at malalim na pagtingin sa kanilang lugar ang panitikang Ilokano, kaya nga ba nakaangkla rin dito ang katotohanang sa kalagitnaan ng lockdown ay nagagawang tawirin ng tao ang teritoryal na hangganan dahil sa pagpasok at pagsasaalang-alang sa mga nagbabanggaang kultural na interes tulad ng aspektong pangkalusugan. At ikalawa, bagamat napagtitibay rin ng mga binanggit na salaysayin at balita ang pagturing ng pagtulang Ilokano sa kanilang lugar bilang tahanan o paraiso, ay may pagkawasak din mismo sa ganoong imahen ng probinsiya bilang lugar ng kapanatagan sapagkat hindi naabot ang inaasahan, dahil bukod sa mga hirap na dinanas makauwi lamang, ay nagtamo rin ang tao ng malalim na antas ng diskriminasyon sa pag-uwi na iyon.

Ang Dalumat ng Lugar sa Panitikang Cebuano

Sa unang bahagi ng papel na ito ay ipinakikitang isang lugar ng kaligtasan ang imahen ng probinsiya, na sa pag-uwi rito ay makasusumpong ang tao ng kapanatagan. Samakatuwid, may inaasahan siya sa kaniyang pag-uwi. Ngunit ngayon, sa karanasan sa COVID-19, nalalabag na ang ganitong mga pag-asa sa mga hindi inaasahang pagbabaliktad (twist o surprise ending). Kung sa isang banda ay may paniniwala ang mga tao na ang pag-uwi nila sa probinsiya ay isang kaligtasan at espasyo ng katahimikang-loob, nagkakaroon na iyon ng lamat sapagkat nakararanas na sila ng diskriminasyon sa lugar na inuwian. Nilalabag nito ang unang imahen ng probinsiya bilang tahanan o paraiso, at lalo pang napalalalim ang gayong mga diskriminasyong nararanasan dahil nilalabag na rin nito ang mga inaasahan ng mga umuuwi.

Ilang halimbawa ay ang kuwento o kaso ng mga Pilipinong umuwi sa kani-kanilang lugar ngunit sa halip na isang hindi inaasahang pagbabaliktad o surprise twist ang matamasa ay malungkot na wakas o sad ending ang nakuha. Isang OFW nurse ang pinilit umuwi sa kaniyang tahanan sa Batangas upang samahan ang anak na malubha ang

kalagayan sa ospital (24 Oras, "Ilang OFW..."). Bago pa man siya makarating sa kanilang lugar ay komplikadong proseso pa ang kaniyang pinagdaanan. Diskriminasyon ang dinanas sa kaniyang pag-uwi dahil galing sa ibang bansa, at higit na lamat ang kaniyang naranasan dahil kasabay ng pag-uwing iyon ang pagkasaksi sa nakaratay na anak sa ospital dahil sa malubhang karamdaman. Halos 200 na mga indibidwal naman ang nakaranas ng kalbaryo sa Manila North Harbor habang pauwi sa kani-kanilang mga lugar sa Visayas ("Halos 200 stranded.."). May isang nars din na pinalayas sa tinitirhan dahil nagpositibo sa COVID-19 sa kaniyang pag-uwi sa kanilang probinsiya at sinabihan pang hindi siya matutulungan doon ("'Di ka matutulungan dito'"). Habang pauwi naman sa Dumaguete ang ilang OFW, kalbaryo din ang dinanas sa matagal na paghihintay sa NAIA Terminal 2 at pagtrato sa kanilang mga dumating mula sa ibang bansa ("OFWs na pauwi..."). Ang isang lugar na sana'y magtuturing sa kanila na karamay sa panahong ito, at ang lugar na inuwian na noo'y itinuring na tahanan ang siya pang nagparamdam sa kanilang hindi na ganoon ang inaasahan nila rito. May isang nagsaysay pa ng hinanakit sa gobyerno, kung paanong silang dating itinuturing na mga bagong bayani, at nagsakrapisyo sa ibang bansa, ngayong umuwi sa sariling bansa na itinuturing na tahanan ay pinababayaan at ni hindi mabigyan ng maayos at makataong pagtrato. Isang nagbabalik sa bayan ng Narra sa Palawan ang nakaranas din ng matinding diskriminasyon. Isinalaysay niya kung paano siya binigyan ng quarantine facility na kahit sinong matinong tao ay hindi makikitang maayos at makatao ang lugar na iyon—marumi, magulo ang mga gamit, umaalingasaw ang amoy, at iba pa. Halos hindi siya lapitan ng kanilang punong barangay, ni hindi ito nagpakita sa kaniya at kinausap lang siya sa telepono. Napuno ng paghihinakit at pagdaing ang babaeng umuwi sa kanilang lugar mula sa siyudad at bakas sa kaniyang video na ipinaskil sa Facebook ang mga paghihinagpis na iyon. Isa namang post sa Twitter ang nagpapatindi pa ng diskriminasyong nararanasan ng mga umuuwi sa kanilang probinsiya sa Visayas sa pagsasabing ang mga umuuwing iyon ang nagpapakalat ng kaso ng COVID-19 sa kanilang lugar (tingnan kay @bdagala). Muli, galing sa Twitter, isang lalaki ang nagpahayag ng kaniyang saloobin sa mga dinanas sa pag-uwi sa Cebu at kung paanong hindi lang naging komplikado ang proseso, kundi nakaranas pa ng diskriminasyon dahil nanggaling sa Metro Manila (tingnan kay @jaaaayzoned).

Ang mga nabanggit na kaso ng pag-uwi sa kani-kanilang probinsiya ay nagtatanghal din ng katotohanang ang mga pag-uwing iyon ay nagdulot ng lamat sa mismong pagtingin ng mga tao sa kanilang inuwiang probinsiya bilang lugar ng paraiso at kaligtasan, sapagkat sa pagkakataong iyon ng pagbabalik o pag-uwi, natatamo o nararanasan nila ang mga hindi inaasahang pangyayari, isang malungkot na wakas o sad ending ng pag-uwi. Sa madaling salita, may pagbabaligtad ng mga inaasahan.

Tila may isinasabuhay na kuwento ang mga tauhang ito at wari sila'y nakapaloob sa isang naratibo kung saan sila ay pinaasa sa isang magandang pagwawakas sa pagdanas nila ng pag-uwi sa kani-kanilang probinsiya. Ang ganoong pag-asa sa magandang pagwawakas ay may matibay na relasyon sa pagkakalarawan at pagbubuo sa imahen ng probinsiya sa unang bahagi ng papel na ito. Kung babalikan, matagal nang umiiral sa kasaysayang pangkultura ng mga Pilipino, partikular sa larang ng panitikan, ang lungsod bilang lugar na higit na nakauungos kaysa sa mas atrasadong probinsiya. Ayon nga kay Vera Tobin, "tracing the prevalence of surprise endings in both literary and popular fictions and their reliance on cognitive biases will turn out to complicate two common moralizing frames" (4). Kabilang sa binabanggit niyang kuwadro ng moralismo ang paggamit ng wika ng kahinaan at pagkakasalang moral (moral weakness and sin). Kung susundan ang ganitong kognitibong pagkiling, ang probinsiya ang mabuti, kahit pa mahirap ang pamumuhay

© Ateneo de Manila University

dito, higit na atrasado at walang katiyakan ang pag-unlad; at ang siyudad naman ang masama, na bagamat moderno ay tila nagiging sentro din ng karahasan, ng mga krimen at kapahamakan. Napangangatwiranan ang ganitong pagkiling dahil sa mga kuwento, kahit pa mahirap at atrasado ang pamumuhay sa probinsiya, nagiging sityo naman sila ng kaligtasan at katahimikang-loob. Sabihin pa, nagkakaroon ng hindi inaasahang pagbabaliktad na nararanasan sa inuwiang probinsiya.

Halimbawa, kung babalikan ang mga sugilanon o mga maikling kuwento sa panitikang Cebuano, makikitaan ng ganitong mga hindi inaasahang pagbabaliktad ang kuwentong "Ang Kaguol ni Banogon" o "Banogon's Grief" ni Antonio Abad (kay Alburo 190). Kinilala si Abad bilang makata at manunulat na sumusulat sa parehong wikang Cebuano at Español. Isang tubong-Cebu, naging tanyag siya bilang isa mga nagtaguyod ng panitikang Hispano-Filipino ng kaniyang panahon at maging ang kaniyang mga akda ay nagwagi rin ng Premio Zobel noong 1928 at 1929. Malaki ang kaniyang naging ambag sa panitikang Cebuano sapagkat nakalikha siya ng mga kuwentong nagtataglay o nagpapakita ng imahen ng pang-araw-araw na pamumuhay, at kaya nga ba nakilala si Abad bilang dalubhasa sa *costumbrismo*, sa personal na porma ng anekdota na kilala bilang instantánea o ráfaga.

Ang kuwentong "Ang Kaguol ni Banogon," bagamat isang pabula, ay nagpapakita rin ng pagsasalikop ng modernong sensibilidad ng lungsod at ng katutubong sensibilidad ng lalawigan. Maituturing na isang modernong sugilanon, ipinakita dito ang naging pamumuhay ng minsang-naging-pinakadakila sa lahat ng mga manok na si Banogon. Tinitingala siya noon ng iba pang mga manok dahil sa kaniyang kalakasan at ang gayong pagtingin ang naglagay sa kaniya sa pedestal ng kasikatan. Bukod pa rito, marami ang naiinggit sa kanilang pagsasamahan ni Bakiki, ang kaniyang kabiyak. Tila nasa kaniya na ang lahat – pag-ibig at kasikatan. Ngunit dumating ang sandaling natuklasan na lang niyang sumama na sa kaniyang karibal na si Buyogon ang kaniyang pinakamamahal na si Bakiki. Doon nagsimula ang kaniyang panlulumo at pag-iwas sa karamihan ng mga manok, hanggang sa tuluyan na siyang napalayo sa lugar na iyon, sa Cebu, nang dalhin siya ni Don Rodrigo sa Maynila. Doon niya lalong nalasap ang lalong katanyagan at kalakasan ngunit hindi rin nagtagal dahil sa isang pagkatalo sa labanan ay gumuhong muli ang pader ng muli sanang itinatatag na magandang imahen sa Maynila.

> That was Banogon's last fight. When his wound healed, he was given by Don Rodrigo's cock keeper, who had cared for Banogon, to a friend. And Banogon was thrown into the middle of the poultry, in the hope that he would breed another distinguished cock. But no one cared for Banogon anymore now that love was no longer denied him. His broken thigh was the greatest obstacle to his desire. Therefore, Banogon decided that everything was over for him: both the glory of victory and the glory of love. He decided to keep alone and reflect on the days when he was a famous king of the cockpits. (Alburo 197)

Napagnilayan ni Banogon ang kaniyang hindi magandang naging kapalaran sa Maynila at habang binabalikan niya ang naging pamumuhay, laking hapis ang kaniyang napagtatanto sapagkat wala na ang lahat sa kaniya–kapangyarihan man, katanyagan, o pag-ibig. Laking gulat pa niya at ng dating kasintahan na si Bakiki nang muli silang magtagpo isang araw. Muli silang nakapagsalaysayan ng kanilang mga pinagdaan sa panahong hindi sila magkasama. Isinilaysay ni Banogon ang naganap sa kaniya sa Maynila at ang kaniyang mga kalungkutan, at ni Bakiki sa kaniyang mga naranasan sa Cebu.

© Ateneo de Manila University

> Banogon was quiet. A great indescribable sadness jammed his chest. "Hush, my friend. You are grieving the misfortune of your descendants, but I greatly envy your grief. You're better off, you have offsprings to cry for. I have none to mourn." (kay Alburo 199)

Sa puntong iyon, kahit na nagdadalamhati at nagluluksa si Bakiki dahil sa pagka(ma)tay sa kaniyang mga anak, mapalad pa rin ito para kay Banogon, dahil nagkaroon siya ng pamilya. Aniya, maituturing pang higit na kasawian ang walang maipagluksa, at iyon ang dalamhati ni Banogon–iyon ang kalungkutan niya habang nagbabalik-tanaw at nagninilay siya sa kaniyang naging pamumuhay sa Maynila.

Sa puntong iyon, mainam pansinin ang ugnayan ng pamumuhay sa probinsiya at siyudad. Mapapansin na higit pang naging mahalaga ang pagkakaroon ng sariling pamilya na laging nakakasama doon sa probinsiya, kaysa sa pagkakaroon ng isang masaganang pamumuhay sa siyudad, ngunit nag-iisa o masaklap pa'y nabibigo sa sariling mga paglalakbay sa buhay. Moderno mang maituturing ang ganoong pagtungo at pakikipamuhay sa mga pook-urban, ay may kalakip din itong hindi kagandahan. Sa madaling salita, hindi laging gloria ang natatamasa ng mga naninirahan sa Maynila o sa siyudad, (bagamat may halina ng lungsod dahil dito madalas nakahahanap ng magandang trabaho, makabago ang mga establisimyento, at iba pa) sapagkat ang mga ganoong karanasan nga ang kapwa naglalapit at naglalayo sa tao sa pagdanas ng modernismo, na makikita sa panitikang Cebuano, partikular sa mga sugilanon. Samakatuwid, may pagbabaligtad ng imahen ng probinsiya at siyudad na lumitaw sa naging surprise twist o hindi inaasahang pagbabaliktad ng kuwento.

Makikitang may ganito ring pagmamalay ang "Ug Gianod Ako" o "And I Was Swept Away" ni Marcel Navarra (kay Alburo 140). Kinilala si Navarra (1914-1984) bilang "Ama ng Panitikang Sugboanon" at inilaan ang halos buong panahon ng pamumuhay sa pagsusulat ng mga sugilanon. Umabot na sa halos walumpu ang mga ito at nailathala pa sa magasing Cebuano tulad ng Bisaya, Alimyon, at Bulak. Pinakatanyag sa lahat ng iyon ang "Ug Gianod Ako" na nagkamit ng Bisaya prizewinner (Mabolokon).

Sa kuwentong ito, ipinakilala ang isang lalaking babaero na nakaranas ng unang pag-ibig. Nang minsang nagpunta siya sa bahay ng kaibigan, doon naganap ang isang hindi niya inaasahang pagtatagpo nang magtapat sa kaniya ng damdamin si Pepita, ang kapatid ng kaniyang kaibigan, tungkol sa pag-ibig nito para sa lalaki (kay Alburo 151). Ang sandaling iyon ay isang saglit na pangyayari sa buong kuwento na nagdulot ng isang hindi inaasahang pagbabaliktad o twist na nagpabago sa buong katauhan at pagtingin ng lalaki sa imahen niya ng pag-ibig at pagdanas dito. Pinatunayan ito ng masining na paglalarawan sa naging reaksiyon ni Loloy matapos magtapat ni Pepita; lubhang nagitla at tila inanod ng rumaragasang alon ng dagat ang binata at halos hindi makagulapay matapos iyong marinig. Samantala, isang ngiti lang ang isinukli ni Pepita sa ganoong reaksiyon ni Loloy. Kapansin-pansin na ang dating babaero at hindi naniniwala sa tunay na pag-ibig, sa puntong iyon, sa sandaling iyon, ay masasabing nakaramdam ng unang tikim ng tunay na pag-ibig. Sa kaniyang pag-uwi sa itinuturing na tahanan, ang tahanan ng pamilya ng kaniyang kaibigan, naganap ang isang hindi inaasahan sa dinatnan, isang hindi inaasahang pagbabaliktad.

Ang mga ganitong pagbabaliktad na matutuklasan sa dalawang kuwentong nabanggit at sa iba pang mga sugilanong Sugboanon ay sumusunod sa isang tiyak na elemento ng banghay sa bawat natatanging kuwento. May paliwanag nga si Tobin tungkol sa mga ganitong hindi inaasahang pagbabaliktad, tulad ng mga makikita sa mga sugilanon. Aniya:

> I call them "well-made" surprises. But the phrase "well-made" also fits because their ruling aesthetic is concerned with the degree to which the surprise in question has been cleverly constructed and set up beforehand. The tradition of the well-made surprise asks, has this tradition been built on an expertly crafted foundation? It places highest value on the satisfactions that come from the sense that the plot is a finely constructed mechanism, a well-oiled trap, with pieces that snap together tightly. A well-made surprise plot is one that aims to produce a flash reinterpretation of events together with the feeling that the evidence for this interpretation was there all along – the surprise should be not merely unexpected but also revelatory. (1)

Naitatanghal sa mga sugilanon ang ganoong twist o hindi inaasahang pagbabaliktad sapagkat maayos at malinaw din kasi ang ginagawang mga hakbangin sa buong banghay ng kuwento upang matamo sa huli ang gayong pakiramdam ng pagkagitla o pagkamulat ng mambabasa. Gayundin naman, nagiging matagumpay ang ganoong mga twist o mga hindi inaasahang pagbabaliktad sa mga sugilanon sapagkat nagtatakda at nagtatanghal ito ng mga hindi inaasahang pagbabaliktad na nagdudulot ng aral o panibagong imahen at interpretasyon sa buong pagdanas dito ng mambabasa.

Ang ganoong hindi inaasahang pagbabaliktad ay kapansin-pansin at kinailangang maganap upang maitanghal din ang ganitong pagmamalay ng ugnayan o pagbabaligtad ng imahen ng lungsod at probinsiya. Hindi na lamang din iyon isang simpleng twist sa kuwento, kung hindi isang twist na magdudulot ng pagdanas sa maaaring inaasahan o hindi inaasahan na magandang wakas o hindi magandang wakas ng kuwento. Ipinaliwanag ng kritikong si Florence Goyet ang ganoong mga uri ng hindi inaasahang pagbabaliktad. Aniya:

> At the end of the nineteenth century, the surprise ending in particular came to epitomize the type of pleasure readers came to expect from the genre. In the newspapers where the bulk of the stories were published at that time, hundreds of stories ended with a "twist-in-the-tail." Lohafer has noted that surprise endings are now in critical disrepute "because they exhibit a simple notion of plot that can easily become simplistic, formulaic, and trivial." And readers and critics are prone to oppose dramatically Guy de Maupassant's classic short stories with the more "modern" stories of Anton Chekhov or Katherine Mansfield, as it seems they represent all the difference between a "closed" and contrived text and an "open", natural one. However, Lohafer also reminds us that one should not condemn these endings too hastily: Ian Reid has showed that the device can be used not only as a mere "gimmick" ("the merely tricky ending"), but also as the "ending which jolts us into perceiving something fundamental about what we have been reading. (43)

Epektibo maging sa mga sugilanon ang ganoong mga twist o hindi inaasahang pagbabaliktad at kaya nga ba sa panahon ngayon ng pagdanas natin sa COVID-19, may pagbabaliktad na nagaganap sa imahen ng probinsiya (maliit at mahina) at imahen ng siyudad (malaki at malakas). Hindi na nagiging espasyo ng mataas at matayog na pamantayan ng kaunlaran at pagnanasa ang lungsod, hindi na ito nagiging paraiso at tahanang maituturing dahil sa banta ng pandemya, sapagkat may kabatiran na ang mga tao na higit na ligtas ang espasyo ng probinsiya kung saan nila kasama ang sariling mga pamilya.

© Ateneo de Manila University

Kung kaya rin naman, sa karanasan ng COVID-19 na hindi sumunod sa ganitong naratibo na humantong sa masayang wakas, nagiging doble ang trauma para sa mga umuuwi na nakararanas ng diskriminasyon. Nagiging doble sapagkat naroon ang pagmamalay na una, may katotohanan ng pandemya sa kasalukuyan na kanilang kinahaharap, at pangalawa, may pumipintig na implikasyon na hindi rin pala talaga nabibilang ang mga taga-probinsiya sa lungsod. At kung gayon, ang sinasabing normatibong kosmopolitanismo sa Maynila ay huwad din palang kosmopolitanismo, dahil sa katunayan, hindi pala patas ang pagturing nito sa mga tao: ang mga taga-probinsiya, na madalas ay itinuturing na manpower para sa maraming gawain, ay madaling maidispatsa, lalo na sa panahon ng sakuna. Ang sentrong kosmopolitan na sa unang tingin ay bukas sa lahat, ay uuwi rin pala sa pagtingin na lagi rin nitong iluluwa o ibabalik sa probinsiya ang mga nagtangkang tumawid o lumagi rito. May malaking salik din kasing nag-uudyok sa mga taong lisanin ito at bumalik sa kanilang mga probinsiya ngunit sa pag-uwi naman ay may diskriminasyong nararanasan. At kaya rin nga mas nagiging malalim ang lamat na kanilang tinamo dahil ni wala silang nagawang pagkakasala sa siyudad upang pagsarhan sila ng probinsiya ng kaligtasan o ng kapanatagan, kung susundan ang teorya ni Tobin.

Kung babalikan pa nga ang pag-aaral ni Trager sa migrasyon o pagtawid ng mga tao sa Metro Manila noong wala pang pandemya ay may malinaw itong hangarin—at iyon ay kabutihan na kanilang hangad para sa pamilyang naiwan sa probinsiya. Ngunit ngayong humaharap ang bansa sa pandemya, ay ni hindi naabot ng mga umuuwi ang inaasahan sanang kabutihan mula sa lokal na espasyo, ni hindi natamasa ang inaasahang pagtrato mula roon sa pinanggalingang lugar o bayan. Tuloy, lumalabas na ang hindi inaasahang pagbabaliktad sa naratibo ng mga tauhang umuwi sa kanilang mga probinsiya galing sa Metro Manila ay ang mismong pagdanas nila ng pagmamaliit ng pagtingin sa sarili, dulot ng diskriminasyon at ng othering o pag-iiba, na impluwensiya na rin ng ipinapataw na pagtingin sa kanila sa mga inuwiang komunidad.

Sa kabuoan, hindi lahat ay mapalad na nakararanas ng mabuting pagtrato sa mga umuuwi sa kanilang probinsiya o sa kani-kanilang lugar. Higit pa ngang marami ang mga balita, salaysay sa Facebook o Twitter ng mga taong nakaranas ng diskriminasyon at hirap mula sa pagtatangkang umuwi, sa proseso nito, at sa mismong pagkauwi. Muli, ang ganoong pagmamalay ay lalong nagpapalalim sa lamat ng imahen ng probinsiya bilang idyll o lugar ng kaligtasan at kapanatagan para sa mga umuuwi rito, na humihigit na sana kaysa sa pagtingin nila sa kalunsuran. At ang ganitong kamalayan na umiiral sa mga Pilipino ay higit na napatitindi sa mga hindi inaasahang pagbabaliktad na nagaganap maging sa kasalukuyan.

Mga Sanggunian

Alburo, Erlina, et al., mga patnugot at tagasalin. *Sugilanong Sugboanon/Cebuanong Fiction until 1940*. Ateneo de Manila UP, 2009.

Balbin, Leoncio. “Ilocos Sur village on lockdown as bus driver hospitalized for COVID-19 symptoms.” *Inquirer.net*, 26 Marso 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1248968/ilocos-sur-village-on-lockdown-as-bus-driver-hospitalized-for-covid-19-symptoms. Binuksan 31 Oktubre 2020.

 © Ateneo de Manila University

@bdagala. "Why is this not a headline? Make this the main news. Make this Trending News. People going home to their provinces in Visayas are spreading COVID to COVID free towns. Fix this! Buti sana kung same ang quality ng healthcare system ng MM at rural towns sa mga probinsya. □." *Twitter*, 18 Hunyo 2020, 6:47 n.g., https://twitter .com/bdagala/status/1273567903996981249.

Bravo, April M. "34 LSIs back in Pangasinan, La Union via 'Hatid Tulong' program." *Philippine Information Agency*, 28 Hulyo 2020, https://pia.gov.ph/news/articles /1048742. Binuksan 31 Oktubre 2020.

Campos, Patrick. "*Manila by Night* as Thirdspace." *Kritika Kultura*, tomo 19, 2012, pp. 139-65.

Cody, Jeffrey. *Exporting American Architecture, 1870-2000*. Alexandrine P, 2003.

"Daloy ng hawaan ng mga pasyenteng may COVID-19 sa Pilipinas, lumilinaw na." *YouTube*, in-upload ng ABS-CBN News, 16 Marso 2020, https://www.youtube.com/ watch?v =1Pfgg9R9MW0.

Delanty, Gerard. "The Idea of Critical Cosmopolitanism." *Routledge Handbook of Cosmopolitan Studies*, pinatnugutan nina Delanty, Routledge, 2012, pp. 38-46.

"'Di ka matutulungan dito': Nars na pinalayas dahil sa COVID19 idinetalye ang kalbaryo." *YouTube*, in-upload ng ABS-CBN News, 10 Agosto 2020, https://www.youtube.com / watch?v=ZVAx2NloL0o.

Dolan, Ronald, patnugot. *Philippines: A Country Study*. GPO for the Library of Congress, 1991.

Foronda, Marcelino Jr., patnugot at tagasalin. *Kutibeng: Philippine Poetry in Iloko, 1621-1971*. De La Salle U, 1976.

Goyet, Florence. *The Classic Short Story, 1870-1925: Theory of a Genre*. Open Book Publishers, 2014.

Guinigundo, Serafin. "At Patuloy ang mga Anino." *Ang Maikling Kuwentong Tagalog, 1886-1948*, pinatnugutan nina Teodoro Agoncillo, Inang Wika Publishing, 1965, 248-261.

"Halos 200 stranded sa Manila North Harbor." *YouTube*, in-upload ng CNN Philippines, 6 Hulyo 2020, https://www.youtube.com/watch?v=oOxNqIrfQ3Y.

"Ilang OFW, kaniya-kaniyang diskarte para makauwi sa probinsya." *YouTube*, in-upload ng GMA News, 26 Mayo 2020, https://www.youtube.com/watch?v=UsmL1qMcIrw.

"Ilang taga-Mindoro, pigil sa Batangas Port dahil sa kakulangan ng 'travel requirements.'" *YouTube*, in-upload ng ABS-CBN Regional, 21 Mayo 2020, https://www.youtube .com/watch?v=yE_nUJ7_bXg.

"Inang OFW nurse, pinilit makauwi para sa anak na malubha ang kalagayan sa ospital." *YouTube*, in-upload ng GMA News, 10 Agosto 2020, https://www.youtube.com / watch?v=vXu25czCxJQ.

@jaaaayzoned. "This gov't from top to bottom really doesn't really give a fuck. First they tell us to get tested, so we run around looking for a place to get tested. After Rapid Test, now they tell us, 'oh we need Swab test. Not rapid test' and we go looking for another place to get tested." *Twitter*, 6 Agosto 2020, 12:56 n.h., https://twitter.com / jaaaayzoned/status/1291236591747227650?s=25.

Lucero, Rosario Cruz-. "Introduction: Western Visayas Literature." *Filipinos Writing: Philippine Literature From The Regions,* pinatnugutan ni Bienvenido Lumbera, Anvil Publishing, 2001.

Mabolokon, Maria. "Marcel Navarra." *Cebuana Studies Center*, 7 Hulyo 2011, https://www.cebuanostudiescenter.com/marcel-navarra-2/. Binuksan 31 Oktubre 2020.

"Maraming pasahero umuwi sa probinsya bago ang Metro Manila 'community quarantine.'" *YouTube*, in-upload ng ABS CBN News, 13 Marso 2020, https://www.youtube.com / watch?v=CliWh1sSWVI.

@_marizdomingo. "Manila-Laoag City 2nd day Home Quarantine/Isolation A thread..." *Twitter*, 16 Marso 2020, 1:39 n.h., https://twitter.com/_marizdomingo/status /1239426165644771328?s=21

"Mga OFW na hindi makauwi sa probinsya, sa ilalin ng lang ng Skyway natutulog." *YouTube*, in-upload ng INQUIRER.net, 10 Hunyo 2020, https://www.youtube.com /watch?v=0D3EKLjzAII.

"Mga pasahero sa Metro Manila, nagmamadaling makauwi sa kani-kanilang probinsya..." *YouTube*, in-upload ng GMA News, 13 Marso 2020, https://www.youtube.com / watch?v=e8jneHbkTKw.

"NCR still COVID-19 epicenter with 1,084 new cases; PH total at 316,678." *ABS-CBN News*, 2 Oktubre 2020, https://news.abs-cbn.com/news/10/02/20/philippines-tally-coronavirus-disease-covid-19-as-of-october-2-2020-doh. Binuksan 31 Oktubre 2020.

"OFWs na pauwi ng probinsiya, matagal ang paghihintay sa NAIA Terminal 2." *YouTube*, in-upload ng ABS-CBN News, 27 Mayo 2020, https://www.youtube.com/watch?v =cYKzXATD6ic.

"PH Health Official: Rising COVID-19 cases due to community transmission, increased testing." *YouTube*, in-upload ng ANC 24/7, 15 Hulyo 2020, https://www.youtube. com /watch?v=0OEQAfVSDi4.

San Juan, Epifanio, Jr. *Introduction to Modern Pilipino Literature*. Twayne Publishers, 1974.

Tobin, Vera. *Elements of Surprise: Our Mental Limits and the Satisfactions of Plot*. Harvard University P, 2018.

Trager, Lillian. "The Philippines: Rural Families, Urban Income." *The Search for Work*, natatanging isyu ng *Cultural Survival Quarterly Magazine*, tomo 7, blg. 4, 1983, w.p. *Cultural Survival*, https://www.culturalsurvival.org/publications/cultural-survival-quarterly/philippines-rural-families-urban-income.

"Travel Authority documents ng mga stranded at uuwi ng probinsya, maaari nang i-proseso sa pulisya." *YouTube,* in-upload ng UNTV News and Rescue, 25 Mayo 2020, https://www.youtube.com/watch?v=bXtOOwmn6pc.

"Updates on Novel Coronavirus Disease (COVID-19)." *Department of Health*, https://www.doh.gov.ph/2019-nCoV. Binuksan 31 Oktubre 2020.